SALT & LIGHT

# Si Jesus, Ang Nagdurusang Lingkod

WEEK 4

## WARM-UP

- Pangalanan ang isang tauhan sa pelikula o nobela na may mga ginawang kabayanihan na ikinamangha mo. Ano ang pinakanagustuhan mo sa kanya?
- Ano ang isang bagay tungkol sa iyo na ikinakagulat ng mga tao kapag nalalaman nila?
- Ano ang kahulugan ng "paglilingkod" para sa iyo?

## WORD

[4]*Ang totoo, tiniis niya ang mga sakit at mga kalungkutang dapat sana'y tayo ang dumanas. Ang akala natin ay pinarusahan siya ng Diyos dahil sa kanyang mga kasalanan.* [5]*Ang totoo, sinugatan siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin sa magandang kalagayan. At dahil sa mga sugat niya ay gumaling tayo.*
**ISAIAS 53:4–5**

(Basahin din ang **ISAIAS 52:13–53:12.**)

Maraming propesiya sa libro ni Isaias, at karamihan dito ay tungkol sa paparating na Tagapagligtas. Ang mga Israelita ay umasa sa pagdating ng isang makapangyarihang Hari na gagamitin ang Kanyang espada at palalayain sila mula sa kanilang mga kaaway. Kaya't noong isinulat ni Isaias ang pahayag na ito, hindi nila malamang naisip na ang makapangyarihang Hari na magliligas sa kanila at ang Nagdurusang Lingkod na mamamatay para sa kanila at magliligtas sa kanila, ay iisa. Si Jesus, ang katuparan ng mga propesiyang ito, ay darating upang dalhin ang ganap na pagtubos at pagbabago. Tingnan natin kung paano inilarawan ni Isaias ang Nagdurusang Lingkod.

## 1 Ang Nagdurusang Lingkod ay pinili ang maging pinakamababa sa lahat ng mabababa.

*[2]Kalooban ng PANGINOON na lumago ang kanyang lingkod, gaya ng tanim na lumalago at nag-uugat sa tuyong lupa. Wala siyang kagandahan o katangiang makakaakit sa atin para siya'y lapitan. [3]Hinamak siya at itinakwil ng mga tao. Dumanas siya ng mga sakit at hirap. Tinalikuran natin siya, hinamak, at hindi pinahalagahan.* **ISAIAS 53:2–3**

Si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay dumating sa mundo at itinuring na mababa at walang kagandahan, at Siya ay hinamak at itinakwil ng mga tao. Ang pagkakatawang tao ay mahirap na at napakalayo sa pagiging Diyos. Ngunit ang pagdanas ng sakit at hirap at ang ituring na pinakamababa sa lahat ng mababa ay nagpapakita ng dakilang habag at pagmamahal na ibinuhos ni Cristo para sa atin. Nagpakababa Siya upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan at pagalingin tayo. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Filipos 2:3–8 tungkol sa kung paano naapektuhan ang pananaw at pagturing natin sa iba ng pagpapakita ni Jesus ng halimbawa ng pagpapakumbaba?

## 2 Ang Nagdurusang Lingkod ay nakaranas ng pang-aapi at kawalan ng hustisya.

*[7]Inapi siya at sinaktan, pero hindi man lang dumaing. Para siyang tupang dadalhin sa katayan para patayin, o tupang gugupitan na hindi man lang umiimik. . . . [10]Pero kalooban ng PANGINOON na saktan siya at pahirapan. . . .* **ISAIAS 53:7,10**

Ang Nagdurusang Lingkod na inilarawan ni Isaias ay kahabag-habag. Siya ay dumanas ng pagtatakwil ng mga tao, paghihirap, at pag-uusig, *kahit na wala siyang ginawang kasalanan at anumang pandaraya* (Isaias 53:9). Tiniis ni Jesus ang lahat ng ito dahil ito ang *kalooban ng PANGINOON* upang mapaglingkuran at mailigtas ang sangkatauhan. Walang sinumang nagdusa ng katulad ng pagdurusa ni Jesus, ngunit maaari pa rin nating matanggap ang Kanyang habag at biyaya. Ano ang sinasabi sa

Mga Hebreo 4:15 tungkol sa kung paano nakikipag-ugnayan si Jesus, ang Nagdurusang Lingkod, sa atin?

3

## Ang Nagdurusang Lingkod ay ang matagumpay na Hari.

*[10]Pero kalooban ng PANGINOON na saktan siya at pahirapan. Kahit na ginawa siyang handog ng PANGINOON para mabayaran ang kasalanan ng mga tao, makikita niya ang kanyang mga lahi at tatanggap siya ng mahabang buhay. At sa pamamagitan niya ay matutupad ang kalooban ng PANGINOON. [11]Kapag nakita niya ang bunga ng kanyang paghihirap, matutuwa siya. Sinabi ng PANGINOON, "Sa pamamagitan ng karunungan ng aking matuwid na lingkod ay marami ang ituturing niyang matuwid, magdurusa siya para sa kanilang mga kasalanan. [12]Dahil dito, pararangalan ko siya katulad ng mga taong tanyag at makapangyarihan dahil ibinigay niya ang buhay niya. Ibinilang siya na isa sa mga makasalanan. Nagdusa siya para sa maraming makasalanan at hiniling pa niya sa Diyos na sila'y patawarin."* **ISAIAS 53:10–12**

Bagama't labis na nagdusa si Jesus, ang mabuting balita ay matagumpay Siya at ang Kanyang paghihirap ay may layunin. Sinabi ni Isaias na *sa pamamagitan niya ay matutupad ang kalooban ng PANGINOON*. Sa pamamagitan ng paghihirap at sakripisyo ni Jesus, natupad ang kagustuhan ng Panginoon. Ang mga nanampalataya kay Jesus ay nabigyan ng Kanyang katarungan. Si Jesus ay hindi biktima. Siya ay nagwagi! Napagtagumpayan Niya ang kasalanan at kamatayan upang magawa nating mamuhay sa paraang itinakda ng Diyos para sa atin—may maayos na ugnayan sa Kanya at sa Kanyang nilikha. Tinawag tayo ni Jesus na asin at ilaw ng mundo (Mateo 5:13–14), at ang Kanyang mga mamamayan ay makakapagdala ng pagbabago sa mundo sa pamamagitan ng kanilang paraan ng pamumuhay. Si Jesus ay matagumpay! Paano ka nabigyan ng kaalamang ito ng pag-asa at natulungan upang maibahagi ang pag-asang ito sa iyong kapwa?

## APPLICATION

- Paano nagbago ang pakikitungo mo kay Jesus dahil sa kaalaman na Siya ang Nagdurusang Lingkod? Ano ang isang bagay na gagawin mo sa ibang pamamaraan dahil sa katotohanang ito?
- Kanino mo maaaring ipahayag ang kabutihan at pagmamahal ng Diyos ngayong linggo? Mangakong paglilingkuran mo siya ngayong linggo katulad ng paglilingkod ni Jesus sa atin. Ipanalangin na ikaw ay magsilbing asin at ilaw sa kanya.
- Mag-isip ng tatlong tao na kailangang makaalam na kaya ng Diyos na makiramay sa kanila at maaari nilang matanggap ang Kanyang awa at tagumpay. Hingin sa Diyos ang mga maaari mong sabihin upang mapalakas ang kanilang loob.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus bilang handog na magliligtas sa atin mula sa parusa ng kasalanan, na walang iba kundi kamatayan. Pasalamatan Siya sa Kanyang dakilang pagmamahal na nagbigay sa atin ng tagumpay at dahilan upang makasama Siya sa muling pagkabuhay.
- Hingin sa Diyos na gawin kang mas maawain sa mga tao sa paligid mo na nagdurusa, mapansin man ito o hindi. Ipanalangin na magawa mong ipakita sa iba ang biyayang ipnakita Niya sa iyo.
- Ipanalangin na lumakas ang loob mo upang maipangaral mo ngayon ang ebanghelyo at tagumpay ni Jesu-Cristo sa iyong mga kaibigan at kapamilya. Ipanalangin na palambutin ng Diyos ang puso nila upang tanggapin nila Siya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph